PERFORMANCE TASK NO. 3

1st Quarter

**FILIPINO 5**

Pangalan: ___________________________________

Panuto: Ipabasa sa iyong nanay o kapatid ang sumusunod na kuwento. Makinig at unawain ang babasahing kuwento upang maisalaysay mo nang maayos at wasto gamit ang iyong sariling pangungusap.

**Lipad Motmot, Lipad!**

Sina Mang Mitoy at Aling Mila ay masayang naninirahan sa bayan ng Subait kasama ang pito nilang mga anak. Payak man ang kanilang pamumuhay ngunit hindi ito naging hadlang upang mapag-aral nila ang mga ito. Ang magkakapatid ay araw-araw na naglalakad ng limang kilometro makarating lang sa Paaralang Elementarya ng Subait. Hindi pa gumigising si Haring Araw ay nagsisimula na silang maglakad. Malayo man ay matiyaga pa rin nila itong nilalakbay.

"Kawawa naman ang ating mga anak. Ano kaya ang puwede nating gawin?" Tanong ni Aling Mila kay Mang Mitoy. Naisipan ni Mang Mitoy na bilhin ang lumang motorsiklo na binebenta ng kanilang kapitbahay. Subalit hindi pa sapat ang kanilang pera kaya mas pinag-igihan ng mag-asawa ang pagtatrabaho sa bukid. Dinagdagan nila ang mga pananim na mais at pinarami ang mga alagang manok.

Pagkalipas ng ilang buwan ay naibenta na nila ang mga ito sa palengke. Malaki ang naging kita nila at sapat na ito upang mabili ang motorsiklo. "Sa wakas! Mabibili na natin ang motorsiklo," wika ni Mang Mitoy kay Aling Mila. Lampas langit ang kasiyahang nadama ng mag-anak nang makita nila ang motorsiklo. Pinangalanan nila itong "Motmot".

Ngunit, may problema si Mang Mitoy. Hindi kasya sa motorsiklo ang pito niyang anak. Kaya salitan sila sa pagsakay kay Motmot. Malungkot si Mang Mitoy tuwing hindi nakasasakay ang iba niyang mga anak. "Ano kaya ang puwede kong gawin?" Tanong niya sa kaniyang sarili. Habang siya ay papauwi, may dumaang eroplano sa himpapawid. Bigla siyang nakaisip ng magandang ideya.

"Paano kaya kung lagyan ko ng mga pakpak si Motmot gaya ng eroplanong iyon?" Mabilis na umuwi si Mang Mitoy sa kanilang bahay. Kumuha siya ng mga piraso ng kahoy, mga pako at martilyo.

Sinimulan na niyang gawin ang mga pakpak ni Motmot. Masaya siya sa kinalabasan ng kaniyang ginawa. “Ngayon ay sigurado na akong makasasakay na silang lahat,” wika ni Mang Mitoy. Sabik niyang sinundo ang kaniyang mga anak sa paaralan. Napapalingon ang mga taong kaniyang nadadaanan. Namangha at natuwa ang pitong magkakapatid sa kanilang nasilayan. “Napakagaling ni'yo po Itay. Ang ganda ni Motmot! Para siyang eroplano sa lupa,” wika ng mga anak nito. “Salamat mga anak. Sumakay na kayo, isa sa aking harapan, dalawa sa aking likuran at tigdadalawa naman sa bawat pakpak.”

Masayang sumakay ang magkakapatid at sabay-sabay silang sumigaw ng “Lipad Motmot, Lipad!”

*Balacuit, mariel G., Lipad Motmot Lipad. DepEd-BLR, 2019*

Isalaysay muli ang kuwentong “Lipad Motmot, Lipad!” gamit ang iyong sariling pangungusap. Isulat ito sa malinis na papel.

**Lipad Motmot, Lipad!**

File Created by DepEd Click